

SA GITNA NG PANDEMYA NA COVID-19 PAGTUGON NG MGA MANININDA, TSUPER, AT MAMAMAYAN NG POOK MALINIS SA UP DILIMAN

Getting Through the COVID-19 Pandemic: Responses of Vendors,
Drivers, and Residents of Pook Malinis, UP Diliman

Aleli B. Bawagan, PhD
Rose Angelie M. Hernandez
Celeste F. Vallejos

Abstrak

Malinaw na ang epekto ng pandemya dala ng COVID-19 ay dama sa halos lahat ng bansa sa buong mundo, sa halos lahat ng sektor at pamayanan. Isa ang Unibersidad ng Pilipinas sa apektadong institusyon; hindi lamang ang kanyang mga pang-akademikong programa, kundi pati ang iba't ibang sektor at pamayanan na nakapaloob sa buong kampus.

Nagbuo ang Tsanselor ng UP Diliman COVID-19 Task Force noong Marso 2020 upang bumuo ng mga kinakailangang programa sa pagtugon sa pandemya. Noong Abril naman ay nabuo ang UP Diliman COVID-19 Response Volunteers o ang UPD CRV na binuo ng mga organisasyon at mga indibidwal upang tumulong sa mga sektor na apektado sa loob ng Brgy. UP Campus. Marami ang tumugon sa panawagan para sa mga boluntaryo—mga guro, kawani, mga mag-aaral, mga samahan sa kampus, at iba pang mga indibidwal. Sila ay agad tumugon sa mga sektor na nangangailangan ng tulong at ito ay nagpatuloy sa halos pitong buwang panahon.

Layunin ng papel na ito na maisalarawan ang epekto ng COVID-19 sa mga sektor ng manininda at mga tsuper at sa mga pamayanan ng maralita tulad ng Pook Malinis. Ibabahagi din ang naging stratehiya ng UPD CRV sa kanyang pagtugon na hindi lamang pagbibigay ng relief operations kung hindi kasama ang pagbibigay ng edukasyon sa pamayanan at ang paglalahad ng kanilang mga kahilingan sa mga otoridad sa UP. Pupilot

din ng mga aral mula sa karanasan na ito na kaugnay sa disiplina ng Pagpapaunlad ng Pamayanan at sa usapin ng disaster risk reduction and management (DRRM).

Keywords: COVID-19, UP Diliman COVID-19 Response Volunteers, community development

Panimula

Ang buong mundo ay hindi naging handa sa pandemya na COVID-19 simula sa pagpasok ng taong 2020. Nag-umpisa ang sakit dulot ng SARS-CoV-2 na virus sa Tsina noong Disyembre 2019 (WHO, 2020a). Habang sinusulat ang papel na ito, sa buong mundo, umabot na sa 43,766,712 ang kabuuang kaso at 1,163,459 na ang namatay (WHO, 2020b). Sa Pilipinas, naman, 375,180 ang kabuuang kaso at 7,114 na ang namatay—karamihan sa mga kaso ay nasa Metro Manila (184,275), at ang Lungsod ng Quezon ay may 33,454 (DOH, 2020).

Simula noong 13 Marso 2020, nilagay ang kabuuan ng Metro Manila sa Enhanced Community Quarantine (ECQ) mula Marso 15 hanggang Abril 14 kung saan pansamantalang sinara ang mga klase, pinagbawal ang maramihang kumpulan ng mga tao (*mass gathering*), at byahe papunta ng Metro Manila mula sa ibang mga probinsiya (PCOO, 2020).

Ang ECQ ay nagtagal hanggang Mayo 15. Naging Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) sa Metro Manila naman noong Mayo 16 hanggang 31. General Community Quarantine (GCQ) na ang Metro Manila mula noong Hunyo 01 hanggang Agosto 03; ngunit binalik sa MECQ mula Agosto 04 hanggang 18 dahil sa tumataas na bilang ng mga kaso. Bumalik na muli sa GCQ ang Metro Manila hanggang sa kasalukuyan (mula sa serye ng balita mula sa pcoo.gov.ph).

Iba iba ang antas ng mga pinapayagan at pinagbabawal na kilos ng mga tao sa iba't ibang antas ng *quarantine*. Ngunit ilalahad lamang sa artikulo na ito ang mga probisyon na nakakaapekto sa ilang mga sektor sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas (UP), tulad ng mga manininda, mga tsuper, at mga pamayanan ng mga maralita.

Ito ang mga mahahalagang probisyon sa ilalim ng *community quarantine* (IATF, 2020):

1. Pinagbawal ang pagkakaroon ng *face-to-face* na klase ng mga mag-aaral at ginawang *remote learning* ang pamamaraan ng pag-aaral;
2. Pinagbawal ang paglabas ng mga may edad 21 pababa at 60 pataas, kasama iyong mga may *comorbidity* (tulad ng diabetes, mataas ang presyon ng dugo, at iba pa), mga buntis; maliban na lamang kung ito ay para sa mahalagang lakad katulad ng pagpunta sa ospital, pagbili ng mga pagkain, at iba pa;
3. Pinagbawal ang pagpasada ng mga pampublikong sasakyan; pinayagan na lamang ang pasada ng ibang mga ruta nito noong nag-GCQ muli; at
4. Bilang pagtugon sa probisyon na istriktong pananatili sa bahay, pinapayagan ang ibang porma ng pagtrabaho tulad ng *work from home*, lalo sa mga may edad higit 60 at sa mga may ibang mga sakit.

Sinuspinde ang klase sa UP Diliman mula noong 10 Marso 2020 at naging *online* ang moda ng pag-aaral at pagtatapos ng semestre. Nang nagsimula ang unang semestre AY 2020-2021, ganoon pa din ang moda ng pag-aaral kung kaya halos walang mga guro at mag-aaral sa kampus. Ang mga kawani naman ay maaaring *work from home* ang pamamaraan ng pagtrabaho. Ilan lamang kawani ang pumupunta sa kanilang mga opisina upang gumampan ng mga *essential services*.

Dahil sa mga kaganapan na ito, halos pitong buwan nang walang biyahe ang mga tsuper ng mga dyip na UP ang ruta. Hindi din nagbukas ang mga *kiosk* ng mga manininda. Samantalang maraming nakatira sa mga pamayanan, nawalan sila ng hanapbuhay dahil nagsara din ang kanilang mga pinapasukan, o kaya walang kumuha ng kanilang mga serbisyo. Maraming grupo ang tumulong sa mga sektor at mga pamayanan, at isa na dito ang UPD CRV.

Layunin ng papel na ito na maisalarawan ang epekto ng COVID-19 sa mga sektor ng manininda, at mga tsuper, at sa mga pamayanan ng maralita tulad ng Pook Malinis at ang kanilang pagbangon, sa tulong ng mga samahan tulad ng UPD CRV. Pupilot

din ng mga aral mula sa karanasan na ito na kaugnay sa disiplina ng Pagpapaunlad ng Pamayanan at sa usapin ng *disaster risk reduction and management* (DRRM).

Ang papel ay may apat na bahagi: 1) pagtalakay sa ilang pag-aaral sa usapin ng kalamidad, pandemya, at ang mga piling salik para sa pagtugon ng mga pamayanan at pagbangon mula sa mga kalamidad at krisis; 2) pagsalarawan ng mga sektor at pamayanan sa kampus ng UP at ang epekto ng COVID-19 sa kanila; 3) pagtalakay ng mga naging tugon ng mga pamayanan, kasama ang UPD CRV; at 4) pagsuma sa karanasan at pagtukoy ng mga mahalagang aral hinggil sa pagpapaunlad ng pamayanan, kaugnay ng usapin ng *disaster*.

Ang mga datos sa pag-aaral na ito ay nakuha sa pamamagitan ng mga pormal at impormal na talakayan kasama ang mga miyembro sa sektor ng manininda, drayber, at ilang residente ng Pook Malinis. Nakasama ang mga sektor at komunidad na ito sa ilang mga pag-aaral na tumatalakay sa kanilang kalagayan sa panahon ng pandemya, mula Mayo hanggang Oktubre 2020. Kasama din sa mga talakayang ito ang kanilang pagpapalano at kampanya kung paano nila haharapin ang epekto ng pandemya sa kanilang sektor at komunidad. Bilang mga boluntir ng UPD CRV, nagawang maidokumento ng mga awtor ang mga kuwento at danas ng mga manininda, drayber, at komunidad.

Mga kaugnay na pag-aaral

Apat na paksa ang ilalarawan sa bahagi na ito: mga pandemyang naranasan nitong huling isang daang taon; ang COVID-19; ang COVID-19 sa Metro Manila; at ang piling salik sa pagtugon ng mga pamayanan sa panahon ng kalamidad.

Mga pandemya

Ang pandemya ay ang pandaigdigang paglaganap ng isang bagong sakit (WHO, 2010). Sa nakaraang isang daang taon, tatlong pandemya na nagdulot ng pinakamataas na bilang ng mga namatay ay ang (MPHOnline, n.d.):

1. Spanish Flu noong 1918-1920. Tinatanyang 500 milyon katao ang nagkasakit nito at mga 50 milyon ang namatay. Ang tinaguriang H1N1 na *virus* ang naging sanhi ng pandemya na ito;

2. AIDS (*Acquired Immunodeficiency Syndrome*) simula 1981 hanggang sa kasalukuyan. Ang HIV (*human immunodeficiency virus*) ang nagiging sanhi ng AIDS. Simula noong 1981, tinatantya na 35 milyon na ang namatay mula sa AIDS; at
3. Asian Flu mula 1956 hanggang 1958 kung saan dalawang milyon ang tinatantyang namatay. Nagmula naman ito sa H2N2 na *virus*.

May ibang pandemya at epidemya na hindi umabot ng isang milyong namatay ay ang mga sumusunod: *sixth cholera pandemic* (1910-1911), mga higit 800,000 ang namatay; H1N1 *swine flu pandemic* (2009-2010) kung saan mga 200,000 ang tinatantyang nasawi; at West African *ebola virus epidemic* (2014-2016) na may mga 12,000 katao ang nasawi (Jarus, 2020; MPHOnline, n.d.).

COVID-19

Ang pandemyang naranasan ng mundo ngayong 2020 ay ang COVID-19, dala ng SARS-COV-2 (*Severe Acute Respiratory Syndrome Coronavirus 2*). Una itong lumabas sa Wuhan, Tsina noong Disyembre 2019. Mabilis itong kumalat sa ibang parte ng mundo lalo na noong unang tatlong buwan ng 2020.

Maraming bansa ang nabigla sa dagsa ng mga pasyente sa kanilang mga ospital at taas ng bilang ng mga namatay. Iba iba ang naging pagtugon ng mga bansang apektado ng COVID-19, depende sa epekto sa kanilang kapasidad para sa serbisyong pangkalusugan. Ilan dito ay: 1) *lockdown* sa mga mayor na mga lungsod o sa mga ilang piling lugar kung saan mataas ang bilang ng nagkakasakit; 2) pagtayo ng mga dagdag na pasilidad para sa mga pasyente ng COVID-19; 3) pananaliksik para sa bakuna; 4) pagsara ng mga klase at mga trabaho upang maiwasan ang kumpulan ng mga tao; at 5) ang pagkaroon ng alternatibong pamamaraan para mapagpatuloy ang trabaho, tulad ng *work from home*.

COVID-19 sa Metro Manila

Ang unang kaso ng COVID-19 sa bansa ay naiulat noong Enero 20; isang babaeng Tsino na may kasamang kapwa Tsino na lalaki. Ang huli ay namatay sa COVID-19 noong Pebrero 01. Siya ang unang kaso ng COVID na namatay labas sa Tsina (Ramzy & May, 2020).

Noong Enero 2020 ay binuo ang Inter-Agency Task Force (IATF) for the Management of Emerging Infectious Diseases batay sa Executive Order No. 168, s. 2014. Binuo ito ng iba't ibang departamento ng pamahalaan na pinangunahan ng Pangasiwaan ng Kalusugan.

Mula noon hanggang ngayon, ang IATF ang pangunahing namamahala sa pagtugon sa sitwasyong dinulot ng COVID-19 sa bansa. Sa paglagay sa mga lugar sa ilalim ng *community quarantine*, maraming manggagawa ang nawalan ng hanapbuhay at maraming mga negosyo ay nagsara. Nagdulot ito ng dagdag na kahirapan sa mga pamilya na dati pa man ay nakakaranas na ng kahirapan sa pamumuhay. Halos 75% ng ekonomiya ay nagsara at umabot sa 17.7% ang walang trabaho habang bumaba ang GDP ng 16.5% (NEDA, 2020a).

Upang mapaglaanan ng pondo ang mga proyektong tutugon sa tumataas na bilang ng mga kaso ng COVID-19, pagbibigay ng sapat na serbisyong pangkalusugan at pagbibigay ng ayuda sa mga apektado ng sitwasyon, pinirmahan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang Bayanihan to Heal as One Act o R.A. 11469 (GOVPH, 2020a) noong Marso 24 na may bisa sa loob ng tatlong buwan. Isa sa mga probisyon ng batas ang pagbibigay ayuda sa mahihirap na pamilya na nagkakahalaga ng PhP5,000.00 hanggang PhP8,000.00. Tinawag itong Social Amelioration Program (SAP) na ipamimigay ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan (Department of Social Welfare and Development o DSWD) ng dalawang beses sa loob ng tatlong buwan (Chavez, 2020).

Para dugtungan ang mga napamahaging programa sa Bayanihan to Heal as One Act, pinirmahan ni Pangulong Duterte ang Bayanihan to Recover as One Act (Bayanihan 2) o R.A. 11494 noong Setyembre 11 (GOVPH, 2020b). Ito ay may bisa hanggang 19 Disyembre 2020.

Pinaglaanan ng pondo para sa Bayanihan 2 ang mga programang pangkalusugan, panlipunang kagalingan, turismo, edukasyon, transportasyon, agrikultura, pagnenegosyo, at lokal na pamahalaan. Inaasahan na sa pamamagitan ng PhP165.6B na pondong ilalaan para sa batas na ito ay mas mabilis ang pag-ahon ng mga sektor na naapektuhan ng pandemya. Ilan sa mga mayor na paglalagakan ng pondo ay ang mga sumusunod (P&A Grant Thornton, 2020):

1. Programang pangkalusugan, tulad ng pagtatayo ng mga pasilidad pang-*quarantine*, dagdag na *special risk allowance* para sa mga manggagawang pangkalusugan, pagdadagdag ng mga *contact tracers*, pananaliksik, at pambili ng bakuna para sa COVID-19;
2. Programa para sa panlipunang kagalingan tulad ng Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS), suporta pangkabuhayan, at subsidiyo para sa mga lugar na malalagay sa *granular lockdown*; at
3. Programa para sa transportasyon, tulad ng tulong pangkabuhayan sa mga apektado gaya ng mga tsuper ng dyip at iba pang pampublikong sasakyan.

Ayon sa Senado, agad mailalabas ang halagang PhP140B; samantalang ang natitirang PhP25.5B ay hahanapan pa ng gobyerno ng pondo (Gotinga, 2020).

Mga piling salik sa pagtugon at pagbangon ng mga pamayanan mula sa panahon ng kalamidad

Paano nga ba tinutugunan ng mga pamayanan ang mga krisis na nararanasan? Ang pinakamalapit na maaaring tingnan ay ang mga tugon sa mga bagyong dinaranas taun-taon, nandiyan din ang lindol, pagputok ng bulkan, pagguho ng lupa mula sa mga kabundukan, at iba pa (Bawagan et al., 2015; Center for Excellence in Disaster Management & Humanitarian Assistance, 2018).

Sa nakalipas na tatlung taon, nararanasan ng Pilipinas ang pagputok ng bulkang Pinatubo (1991), bagyong Ondoy (2009), at bagyong Yolanda (2013). Dahil sa tindi ng epekto sa maraming bilang na pamayanan at indibidwal mula sa mga kalamidad na ito, matagal ang panahon na ginugol para sa mga *relief operations* ganoon din sa programa para makabangon. Ang mga sumusunod na mahalagang salik ang napulot mula sa mga pananaliksik ukol sa pagtugon at pagbangon mula sa mga kalamidad: ang tiwala sa Diyos; pagbabayanihan; pagkilos ng samahan; at suporta mula sa iba't ibang mga samahan.

Tiwala sa Diyos

Ang kilos ng indibidwal ay ginagabayan ng kanyang malakas na tiwala sa Diyos sa panahon ng kalamidad; naniniwala na hindi siya pababayaan ng Diyos na magliligtas sa kanya sa panahon ng kahirapan. Nakita ito sa mga nawalan ng tirahan dahil sa pagputok ng bulkang Pinatubo at bagyong Yolanda (Bawagan et al., 2015; Quiambao, 2015), at sa mga namatayan dahil sa lakas ng bagyong Yolanda (ESRC DFID Research Impact, 2018). Hindi sila nawalan ng pag-asa at ang kanilang tiwala ang nagtulak sa kanila upang muling bumangon at mag-umpisa. Ayon naman kay Raj (2017), batay sa kanyang mga pag-aaral sa hanay ng mga maliliit na mangingisda, ang “*spirituality*” ay may dalawang aspeto—ang personal na relasyon sa Diyos at ang pakikipagtulungan sa kapwa. Higit itong nakikita sa panahon ng mga kalamidad.

Bayanihan

Bukod sa pang-indibidwal na kilos, mahalaga din ang tulong mula sa malapit na mga kapitbahay o kamag-anak. Nakikita ito sa tulongan ng mga magkakapitbahay, sa maliitang antas (Su & Mangada, 2016), halimbawa ang pagbahaginan ng makakain, tulongan sa pagkumpuni ng mga bahay, paghango ng mga bangka at paglalagay nito sa mas ligtas na lugar, o pagpapatira sa mas matibay na bahay (CARE International UK Shelter Team, 2016). Nakita ito sa muling pagbuo ng pamayanan pagkatapos ng pagputok ng bulkang Pinatubo sa Tokwing *resettlement area* (Quiambao, 2015). Nasulat din ni Barrameda at Barrameda (2011) ang kahalagahan ng bayanihan at damayan sa pagbangon mula sa serye ng mga kalamidad sa Albay.

Pagkilos ng samahan

Labas sa bayanihan, epektibo din ang pagkilos ng mga magkakasama sa isang samahan, lokal na samahan man ito o samahan na may ugnay sa mga samahang pang-rehiyon o pambansa (Reliefweb, 2017). Nakita na ang pag-oorganisa ng pamayanan ay malakas na puwersa upang marinig ang boses ng mga tunay na apektado at upang makipag-ugnayan sa ibang mga organisasyon, maging pribado man ito o mula sa pamahalaan (Reliefweb, 2017). Isang halimbawa nito ay ang pagkakatatag ng People’s Surge, isang alyansa ng iba’t ibang organisasyon, samahan, at indibidwal na apektado ng bagyong Yolanda. Ang alyansa

ang naging daluyan ng adbokasiya at kampanya para hingin sa nasyunal na pamahalaan ang sapat na pondo at maayos na programa para sa mga apektadong mamamayan (Abis, 2016).

Binigyang diin din ito ni Luna (2011) mula sa kanyang pananaliksik sa mga pamayanang naapektuhan ng bagyong Ondoy. Hindi maisantabi ang kontribusyon ng mga organisadong pamayanan sa kanilang pagbangon, na sinasabayan ng patuloy na pagpapataas ng antas na kamalayan at kasanayan. Ang malalim na pagkaunawa ng mga pang-masang organisasyon sa ugat ng pagiging vulnerable ng kanilang komunidad sa kalamidad ay nakatulong din sa pagbangon ng mga apektadong mamamayan. Kung nauunawaan ng mga tao ang istorikal at sosyo-pulitikal na ugat ng kanilang bulnerabilidad sa kalamidad, malalaman nila ang solusyon upang ito ay matugunan (Abis, 2016).

Suporta mula sa iba't ibang mga organisasyon

Karamihan ng karanasan ng pagbangon mula sa kalamidad ay nagsasaad sa kahalagahan ng suporta mula sa iba't ibang organisasyon; lalo't higit kapag halos lahat ng ari-arian ng mga pamilya ay naanod ng baha, natabunan ng putik o lahar. Dito pumapasok ang iba't ibang *humanitarian organizations* tulad ng Care Philippines, Save the Children, ACCORD, at CARITAS. Mayroon ding mga inisyatibo mula sa mga pribadong samahan mula sa sektor ng simbahan, mga paaralan at mga *foundations* na nangangalap ng mga rekurso at nagpapatupad ng mga programa. Malaki din ang papel ng mga opisina ng pamahalaan sa antas barangay, munisipyo, lungsod, probinsiya, at pang-nasyunal.

Malinaw na ang kolaborasyon ng mga ahensiya na ito ay nagpapalakas ng kakayahan ng mga pamayanan na makabangon at muling makapanimula ng kanilang buhay mula sa kalamidad (Barrameda & Barrameda, 2011; Bawagan et al., 2015; Luna, 2011; Quiambao, 2015; Reliefweb, 2017).

Epekto ng COVID-19 sa ilang piling sektor sa UP Diliman

Apektado ang lahat ng mga sektor at komunidad sa loob ng UP Diliman ng pandemya. Agad na tinigil ang pasok sa eskwela at trabaho sa mga opisina bilang pagsunod sa pambansang pamahalaan sa deklarasyong ECQ. Nawalan ng mayor na pinagkukunan ng kabuhayan ang mga drayber, manininda, at mga nasa komunidad.

Noong biglang hinto kami sa pasada, talagang maluha-luha ako kasi iniisip ko saan kukunin ang kakainin namin, ang bayad sa tubig at kuryente. Kinabahan ako nang husto, sobrang takot ko sa mangyayari sa amin. - Romy Pascual, Pangulo, UP Pantranco

Dahil biglaan ang pag-anunsyo ng ECQ, halos 500 na mag-aaral ang istranded sa mga *dorm* at *boarding house* sa paligid ng Unibersidad. Mayroon ding higit 500 na *construction workers* ang pinahinto sa pagtatrabaho at istranded sa kani-kanilang *project site* sa UP Diliman. Bukod sa wala silang kinikita at maipadadala sa mga pamilya sa probinsya, wala na rin silang makain dahil wala o hindi kaya ay kulang ang binibigay ng kanilang pribadong kumpanya.

Marami din sa mga nanirahan sa mga komunidad ng Brgy. UP Campus ay nawalan ng trabaho dahil sa pandemya. Kalakhan sa kanila ay mga *skilled* at *semi-skilled workers* (mangaggawa sa mga pagawaan, *construction worker*, *security guard*, kusinero, tindera) na namamasukan sa labas ng Unibersidad. Ang iba naman ay mangangalakal. Ang ilan naman sa kanila ay hindi makapasok sa kanilang trabaho dahil walang pampublikong sasakyan. Isa sa pinakaapektado sa mga komunidad ng Brgy. UP Campus ay ang mga nakatira sa Pook Malinis sa Brgy. UP Campus.

Magpopokus ang pag-aaral na ito sa hanay ng mga drayber, manininda, at residente ng Pook Malinis ng UP Campus.

Mayroong anim na ruta sa Unibersidad na binubuo sa kasalukuyan ng 322 tsuper. Ang mga ruta at bilang ng drayber ay: Ikot (65); Toki (14); Philcoa (36); Katipunan (85); SM North (50); at Pantranco (72).

Ang ilan sa mga drayber ay ikalawang henerasyon na ng mga namamasada ng dyip sa loob ng UP Campus. Ang pinakamatagal nang drayber sa UP ay 69 na ang edad at 35 taon nang nagmamaneho; ang pinakabata naman ay limang taon nang nagmamaneho.

Ayon sa mga pangulo ng mga ruta, ang mga drayber ay walang naipon bago ang pandemya dahil sapat lamang ang kinikita nila sa pagmamaneho para sa pagpapaaral ng mga anak at pagsuporta sa pangangailangan ng kanilang pamilya. “Hindi nila naiisip na magsubi,” ayon sa pangulo ng rutang SM North. Dagdag pa, malakas din ang ugaling “kanya-kanya” sa mga drayber bago ang pandemya dahil kaya nilang kumita nang hindi nangangailangan ng tulong ng kapwa nila drayber.

Kaya naman tunay ang pangamba para sa buhay ang naranasan nila nang nahinto ang mga byahe. Gutom ang inabot ng mga drayber at ng kanilang pamilya. Ang ilan sa kanila ay umuwi na muna ng probinsya. Ang mga naiwan naman sa lungsod ay gumawa ng iba't ibang pamamaraan para mabuhay at ito ang umpisa ng pagbubuklod-buklod ng mga drayber at ng mga ruta sa loob ng UP Campus.

Samantala, 70 naman ang kasapian ng Samahan ng mga Manininda sa UP Campus (SMUPC). Ang SMUPC ay 35 taon nang samahan sa UP Campus buhat nang ipinaglaban ng mga estudyante at manininda na kilalanin sila ng Unibersidad ng Pilipinas noong 1986. Bago nito ay pinagbabawal ang mga manininda at hinahabol sila ng mga pulis ng UP upang pagbawalan sa pagtitinda. Ang SMUPC ay kasapi ng Multi-Sectoral Alliance (MSA), isa sa pinakamalawak na alyansa sa loob ng UP Diliman kung saan kasapi ang iba't ibang organisasyon ng mga mag-aaral, manininda, empleyado, at komunidad.

Ang pinakamatagal na miyembro ng samahan ng manininda ay 30 taon nang nagtitinda sa UP. Ang karamihan naman sa miyembro nito ay ikalawang henerasyon na ng manininda.

Arawang kita mula sa pagtitinda sa mga estudyante at empleyado ng Unibersidad ang pinagmumulan ng kabuhayan ng mga manininda. Ayon sa pangulo ng samahan, paralisado ang kabuhayan ng bawat manininda noong nagsimula ang pandemya, kung kaya paralisado rin ang samahan. Marami ang walang ipon kung kaya gutom at utang ang kanilang inabot.

Bago magkaroon ng pandemya ay sinasagot ng samahan ang hulog sa PhilHealth, SSS, Damayan, at Group Insurance ng mga miyembro. Pagtitiyak ito ng samahan na may proteksyong sosyal ang kaniyang mga miyembro ngunit nawala ang lahat ng ito noong pandemya. Bumili rin sila ng bagong sasakyan na gagamitin pangdeliber. Nakapaghulog na sila rito ng 1/3 ng halaga ng sasakyan ngunit dahil wala nang pambayad, napahatak na rin nila ito. Dagdag pa rito, wala na rin ang regular na *team building activities* tulad ng *leadership training* ng samahan dahil wala nang panustos rito. Hindi na rin nakapagbigay ng regular na suporta ang samahan sa mga kampanya ng estudyante, empleyado, at komunidad sa loob at labas ng Unibersidad. Ayon kay Narry Fernandez:

“Dati kapag may nanghihingi ng tulong sa amin, kamukha noong sa Taal Eruption, nakapagbigay kami ng PhP10,000.00 sa USC Office. Hindi kami makapag-share man lang sa mga rally ngayon. Kung hindi nagkaroon ng pandemya, bukas kami sa kahit sinong humihingi ng tulong, e.”

Base sa datos ng Brgy. UP Campus, mayroong 460 na kabahayan sa Pook Malinis (PoMa). Hindi lamang isang pamilya mayroon sa bawat bahay. Mayroon ding 156 na bata na edad 0–tatlong taong gulang sa Pook. Arawan din ang trabaho ng mga residente ng Pook Malinis. Ang kalakhan sa kanila ay pangangalakal ang trabaho. Sila ay mga tulak-kariton at nililibot ang mga kalapit na barangay para maghanap ng pwedeng kalakal. Ang ilan naman ay nangangamuhan sa mga malalapit na lugar, ang iba ay drayber ng *tricycle*, ng *dyip*, o ng Lalamove at Grab. May iilan ding *construction worker* at mekaniko sa Pook.

Bago ang pandemya, nairaraos lamang ng PoMa ang kanilang pang-araw-araw mula sa mga nabanggit na kabuhayan. Walang ipon dahil sapat o minsan ay kapos pa nga ang kanilang kinikita. Nang pumasok ang panahon ng pandemya, gutom din ang dinanas ng kalakhan. Lahat ng kabuhayan ng mga taga-PoMa ay ipinagbawal kung kaya tanging sa ayuda lamang sila umaasa.

Mga pagtugon ng mga sektor

Ilang inisyatiba ng mga apektado

Alam ng mga drayber at manininida na magtatagal pa ang pandemya kaya gumawa sila ng mga paraan kung paano makakayanan ang buhay sa gitna ng pandemya. Sumubok magtinda *online* ang ilang manininda. Sa tulong ng mga estudyante, gumawa sila ng Facebook Page ng kanilang mga tinda at kumukuha ng *order online*. Ang mga taga-PoMa naman ay um-*extra* sa mga trabaho tulad ng *construction worker* at nagpatuloy ng pangangalakal nang nagkaroon ng kaunting luwag sa kilos ng mga tao.

Pina-arkila ng mga tsuper para sa pribadong paggamit ang kanilang mga *jeep*. Ang ilan naman sa kanila ay namasukan muna bilang *construction worker*, tsuper ng Lalamove o kaya ng *tricycle*. May ilan na nagtanim ng gulay sa kanilang bakuran, at ilan naman na may kaunting ipon ay nagtinda.

Ginamit na muna ng ilang asosasyon ng mga drayber ang kanilang natitirang pondo para makapagbigay ng tulong sa mga miyembro. Ngunit dahil kakaunti lang ang pondo, mabilis din itong naubos.

Agad ding tinipon ng mga asosasyon ang mga kasapian para makapag-usap kung paano makakapagtulungan. Nagkaroon sila ng mekanismo sa pag-aayos ng mga rekisito sa pagkuha ng mga ayuda mula sa LGU. Nagtalaga ng mga taong mag-iipon ng mga papeles at maglalakad ng ayuda. Tiniyak din na maihahatid ang mga *relief goods* sa lahat ng mga miyembro sa pamamagitan ng pag-iikot sa mga ito o hindi kaya paglalagak ng ayuda sa kanilang *terminal*.

Samantala, wala namang pondong natira ang Samahan ng Manininda sa UP Campus (SMUPC) noong nagsimula ang *lockdown*. Sumulat sila sa iba't ibang grupo at indibidwal upang humingi ng tulong. Aktibo ring nagpapa-interbyu ang pangulo ng samahan para maipahayag sa marami ang kanilang kalagayan. Tiniyak din nila ang pamamaraan na mabigyan ng ayuda bagaman magkakalayo ang kanilang mga tirahan. Naging kapaki-pakinabang ang *group chat* para magkamustahan, magbigay ng *update* at magbigay ng mga rekisito sa mga ayuda na ibinibigay ng LGU. Inihingi rin ng mga manininda ng tulong ang kanilang miyembro na may espesyal na pangangailangan tulad ng dalawang miyembro nila na may *breast cancer*.

Habang naghihintay ng ayuda mula sa lokal na pamahalaan ang mga taga-PoMa, naisipan ng mga ilang magkakapitbahay na humingi ng sobrang bigas at sardinas na maaaring ibahagi sa mga kapitbahay nilang gutom at walang makain. Nakipag-ugnayan din sila sa ilang mga may-ari ng mga tindahan sa Maginhawa para ihingi ng gatas ang mga sanggol ng lugar. Naibsan nito ang panandaliang gutom ng maraming residente.

Mula nang naisagawa ng University Student Council UP Diliman ang programa nilang *#IskoOps*, ang pinakaunang *relief operations* sa UP Campus noong *lockdown*, dito na umasa nang regular na ayuda ang mga taga-Pook Malinis.

Pagbubuo ng UPD CRV

Bilang mga empleyado ng Unibersidad na aktibo rin sa iba't ibang adbokasiya, hindi bago para sa All UP Workers Alliance ang paghahatid ng ayuda at pagbibigay ng proteksyon para sa mga nangangailangan. May

dagdag na hamon ang pagpaabot ng tulong ngayong pandemya—ang posibilidad na mahawa sa *virus* at unang pagkakataon lamang nila na magsagawa nang matagalan at komprehensibong *humanitarian response*.

Sa kabila ng mga hamon na ito, malay sa pangangailangan ng mga apektadong sektor at komunidad ang Alliance, lalo pa't kasama sa MSA ang ilan sa labis na naapektuhan ng pandemya. Kaya naman noong huling bahagi ng Abril, napagpasyahan ng mga indibidwal sa All UP Workers Alliance na magbuo ng grupo na naglalayong magbigay ng alwan at komprehensibong tugon sa komunidad ng UP sa gitna ng pandemya. Nakatuntong ang paniniwala na ito na ang lahat ng apektado ng kahit na anong uri ng kalamidad ay may karapatang makatanggap ng tulong upang maipagpatuloy ang buhay na may dignidad (Sphere, 2018, p. 30).

Nabuo ang UP Diliman COVID-19 Response Volunteers (UPD CRV) noong huling bahagi ng Abril sa pamamagitan ng serye ng usap na *online*. Malinaw na mayor na kailangang matulungan ay ang mga pinakabulnerable tulad ng mga nawalan ng kabuhayan at ang mga dati nang hirap sa buhay na ngayo'y lalong nahirapan dahil sa pandemya. Napag-usapan na bukod sa pagbibigay ng *relief goods*, mahalaga din ang pagbibigay ng batayang kaalaman kaugnay ng pag-iwas sa COVID-19, at pagtulong sa pagpaparami ng boluntaryo sa mga programa ng University Health Service.

Pitong komite ang bumuo ng UPD CRV: *Data Gathering; Logistics Support; Education; Information Dissemination; Health Workers/Frontliners; Counselling; Legal; at Cultural*.

Nangalap ng datos ang komite sa Data Gathering; prayoridad na makuha ang bilang ng mga pamilya at ang kanilang kagyat na pangangailangan. Ang nanguna naman sa pangangalap, transportasyon at distribusyon ng rekurso ay ang Logistics Support. Samantala, ang komite sa Edukasyon ang nanguna sa mga pag-aaral sa komunidad kaugnay ng pag-iwas sa *virus*, mga *protocol* sakaling mayroong kapamilya o taga-komunidad ang magpakita ng sintomas, at ilang diskusyon kaugnay ng sitwasyong COVID-19 at susing usaping pangmamamayan. Ang komite ng Information Dissemination ang nagbibigay ng *update* sa *social media* kaugnay ng aktibidad ng UPD CRV.

Ang mga komite naman ng Health Workers/Frontliners, Counselling, at Legal ay may layong tumulong sa pagpaparami ng boluntaryo sa mga nakatayo nang programa ng Unibersidad ngayong pandemya. Tulad ng panghikayat ng mga *health workers* at indibidwal na magboluntaryo bilang mga nars at *contact tracers* sa University Health Service, mga *counselors* para tumugon sa napansing pagtaas ng bilang ng mga nakaranas ng *mental health* na usapin, at suportang ligal sa mga magsasagawa ng *relief operations*. Sa panahon na binubuo ang UPD CRV, may mga karanasan nang panghuhuli sa mga nagsasagawa ng *relief operations*. Nais tiyakin na magiging ligtas ang mga boluntaryo sa isasagawang pag-aaral, *relief operations*, at iba pang gawain. At huli, ang komite sa Kultural na gawain ay naglalayong magbigay ng pagkakataong matuto ng sining habang nasa *lockdown* ang mga tao.

Dalawa ang pamamaraan ng UPD CRV upang makapanghikayat ng mga boluntaryo. Una ay sa pamamagitan ng pagbuo ng Facebook Page upang maging daluyan ng lahat ng impormasyon. May kabuuang 148 na indibidwal ang nagboluntaryo sa iba't ibang komite ng UPD CRV. Ikalawa ay ang paglapit sa mga organisasyon na dati nang nakakasama ng MSA at mga organisasyon na aktibo sa kampus sa panahon ng pandemya. Nahikayat na maging kabahagi ang mga estudyanteng istranded sa Brgy. Krus na Ligas, ang Anakbayan, Alaysining, at iba pang miyembro ng All UP Workers Alliance.

Kasabay nito ay naipormal ang pagpapailalim ng UPD CRV sa UP Diliman COVID-19 Task Force sa pamamagitan ni Vice Chancellor Gonzalo Campoamor II. Siya ang naging Incident Commander ng UPD CRV sa loob ng *taskforce* ng UP Diliman. Sa Institute for Small Scale Industries naman nilalagak ang mga donasyon.

Ayuda mula sa pamahalaan

Bilang bahagi ng pag-alam ng antas ng bulnerabilidad ng mga sektor at komunidad, inalam kung ilan ang nakatanggap ng ayuda mula sa pambansang pamahalaan. Mula sa inilabas na tala ng lokal na pamahalaan ng Lungsod Quezon sa kanilang Facebook Page noong 23 Abril 2020, mayroon lamang 46% ng pamilya sa Brgy. UP Campus ang makakatanggap ng SAP (unang *tranche*). Natapos ang pamamahagi sa unang *tranche* ng SAP mula sa DSWD sa Quezon City noong Mayo at nakumpleto naman ang ikalawang *tranche* noong Oktubre. Ngunit ayon sa isang Kagawad ng

Lungsod, marami ang hindi nakatanggap ng ayuda mula sa DSWD, kung kaya gumawa ang lokal na pamahalaan ng sariling SAP.

Sa tala ng UPD CRV noong Mayo, dalawang buwan matapos ideklara ang ECQ, ay nakatanggap ng tatlo hanggang apat na beses ng ayuda ang mga komunidad sa UP mula sa barangay at lungsod. Ayon sa mga nakapanayam, ang mga ito ay hindi tumatagal ng isang linggo para sa kanilang pamilya. Upang makayanan ang sitwasyon, mas lalo silang naghigpit ng sinturon at nagpapasalamat sa mga pribadong samahan na nakapagbibigay ng ayuda.

Samantala, may mga pahayag naman ang komunidad na marami sa kanila ang nagpasa ng mga rekisitos para sa Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD) na programa ng Department of Labor and Employment (DOLE) ngunit hindi sila nakatanggap ng ayuda mula dito. Ang mga tsuper ng UP naman na nakumpleto ang *requirements* para makakuha sa ayudang Php8,000.00 sa DSWD ay hindi nakakuha hanggang sa kasalukuyan. Ayon sa kanilang *spokesperson*, tatlo lamang na tsuper ang nakatanggap nito.

Ang UPD CRV at ang humanitarian response

Namaksimisa ng UPD CRV ang *online platform* sa kanyang gawain. Sa serye ng mga pulong na ito mas naitatag ang oryentasyon at gawain ng mga komite ng UPD CRV. Dito rin nagpapalitan ng impormasyon at nakakapagplano.

May kakapusan sa kaalaman at karanasan sa pagbibigay ng komprehensibo at pangmatagalang *humanitarian response* ang mga boluntaryo ng UPD CRV. Kung kaya inaral nila ang Sphere Handbook, mga tipon na karanasan ng mga *non-government organizations* sa *humanitarian response*. Ang sumusunod ang binanggit na *Top Code of Conduct: Ten (10) Core Principles* (Sphere, 2018, p. 18) na isinasaalang-alang sa pagsasagawa ng mga aktibidad:

1. *The humanitarian imperative comes first.*
2. *Aid is given regardless of the race, creed or nationality of the recipients and without adverse distinction of any kind. Aid priorities are calculated on the basis of need alone.*
3. *Aid will not be used to further a particular political or religious standpoint.*

4. *We shall endeavour not to act as instruments of government foreign policy.*
5. *We shall respect culture and custom.*
6. *We shall attempt to build disaster response on local capacities.*
7. *Ways shall be found to involve programme beneficiaries in the management of relief aid.*
8. *Relief aid must strive to reduce future vulnerabilities to disaster as well as meeting basic needs.*
9. *We hold ourselves accountable to both those we seek to assist and those from whom we accept resources.*
10. *In our information, publicity and advertising activities, we shall recognise disaster victims as dignified human beings, not hopeless objects.*

Naging mabunga ang gawain sa Resource Management. Unang linggo ng Mayo ang unang matagumpay na *relief operations* ng UPD CRV at nasundan pa ito hanggang Oktubre. Maraming mga indibidwal na nagpapadala ng tulong ay nagpaabot din ng mensahe ng pagsuporta at pasasalamat tulad ng “*Thank you for taking care of the UP Community!!!*” at “*Sana po makatulong ang kaunti po naming tulong.*” Mahirap mangalap ng donasyon ngunit nagiging madali dahil sa suporta ng maraming tao. Labas sa mga indibidwal, maraming mga pribadong kumpanya at organisasyon ang nagbigay ng mga donasyon, tulad ng mga UP alumni na nag-abot ng tulong sa mga tsuper.

Hindi lamang nakatuwang ang mga organisasyon sa pangangalap ng rekurso kundi nakatulong din sila upang maging mahusay ang proseso ng *relief operations*. Ang isang organisasyon mula sa College of Engineering ay tumulong upang gumawa ng *spreadsheet* na magsasaayos ng pagtatala ng pinansya at rekursong pumapasok (*inflow*) at lumalabas (*outflow*) sa UPD CRV. Kasama rin dito ang maayos na listahan para sa mga dapat makatanggap ng *relief operations*.

Nagsilbing daluyan ang UPD CRV ng mga *alumni*, organisasyon ng mga estudyante, at grupo sa pag-abot sa mga drayber at manininda na naging bahagi ng buhay nila sa Unibersidad. Maraming pamamaraan ang nasaksihan ng UPD CRV na isinagawa ng mga organisasyon at mga grupo upang makakalap ng pinansya. Ang iba ay naglunsad *online* ng mga paligsahan tulad ng *debate competition*, Zumba, at nagbenta ng *art works* at marami pang iba para lamang makalikom ng halaga na maibibigay sa komunidad ng UP.

Nagkaisa ang UPD CRV na ang prayoridad na ibibigay sa mga benepisyaryo ay mga pangunahing pangangailangan tulad ng bigas, gulay, mga pagkain, *vitamins*, at *face mask*. Sa pamamagitan ng mga bagay na ito mananatiling malusog ang pangangatawan na siyang panlaban ng mga tao sa COVID-19 (WHO, 2020). Hangga't maaari ay sinisikap ng UPD CRV na magkaroon ng *standard* na laman ang *relief packs* na nakabase sa pangangailangan at limitasyon sa rekurso. Ang mga kasapi ng samahan ng tsuper, manininda, at residente ng Pook Malinis ang naging pangunahing makinarya para sa *repacking*, transportasyon, at distribusyon sa kanilang mga miyembro.

Edukasyon at pag-oorganisa

Mahalagang bahagi ng tugon ng UPD CRV ang pagbibigay ng mga pag-aaral kaugnay ng pag-iwas sa COVID-19, *update* sa sitwasyon ng pandemya sa Pilipinas at buong mundo, mga tugon laban sa COVID-19 sa ibang mga bansa na nagtagumpay, at ilan pang mga susing usaping pangbayan. Kadalasang isinasagawa ang mga pag-aaral kasabay ng *repacking* at distribusyon ng mga *relief goods*.

Katuwang din ang UPD CRV sa *mobile*-kamustahan sa mga komunidad upang magpaalala hinggil sa *physical distancing*, tamang paggamit ng *face mask*, pagkain nang masusustansyang pagkain, at pagtulog nang maaga upang makaiwas sa COVID-19. Ang *mobile*-kamustahan ay sinikap maisagawa nang dalawang beses sa isang linggo.

Ngunit matapos ang ilang buwang walang hanapbuhay, hindi na COVID-19 ang inaalala ng mga tao kundi ang kakainin ng kanilang pamilya. Ayon sa mga tsuper, hindi na sila takot mamatay sa COVID-19, takot silang mamatay sa gutom.

“Sa totoo lang, hindi ubra sa amin itong nanghihingi/namamalimos. Mga drayber kami, marunong kaming magtrabaho. Kaso sa nangyayari na hindi kami makapasada, hindi kami sa COVID mamamatay, sa gutom.” - Ka Ernie, 70, Tsuper ng UP

Labis ang pagpapasalamat ng samahan ng tsuper, manininda, at mga naninirahan sa Pook Malinis sa tuwing magsasagawa ng *relief operations*, kusinang bayan (*community kitchen*), at mga pag-aaral ang UPD CRV. Ngunit lagi nilang sinasabi na bagaman malaking tulong ang naibibigay sa kanila, kailangan pa rin nilang maghanapbuhay.

Dumadaing na rin ang SMUPC sa nangyari sa kanila ngayong pandemya. Bilang mga maliliit na manininda na umaasa lang sa pagpapaikot ng kanilang puhunan, lugi na ang kanilang maliit na negosyo ngunit hindi tumigil ang mga bayarin sa pagkain, bahay, kuryente, at tubig. Nais na rin nilang makapagtinda.

“Dati, kami ang nagbibigay ng pagkain sa mga estudyanteng kapos. Ngayon dahil wala kaming tinda, kami naman ang nangangailangan ng tulong. Sana payagan na kaming makabalik uli ng UP para makaraos naman kami.” - Narry, Presidente, SMUPC

Kaya isa sa naging bunga ng mga pakikipag-alyansa ng UPD CRV sa pangunguna ng mga estudyante ay ang pagtatayo ng alyansa ng lahat ng asosasyon ng anim na ruta sa UP. Nabuo ang UP Transport Group na tumatayong kinatawan ng lahat ng 322 tsuper sa Unibersidad. Kaisahan nito na maitulak ang pagbabalik pasada sa panahon ng pandemya at matutulan ang *jeepney phaseout*.

“Hindi namin kailangan ng ayuda, ang kailangan talaga namin ay pumasada. Malalakas pa kami, kaya pa naming magtrabaho. Sana ay hayaan na kaming makapagtrabaho ng gobyerno,” sabi ng isang tsuper ng UP.

Samantala, sa Pook Malinis tulad ng ibang pook na nakakausap ng UPD CRV ay mayroong pare-parehong hinaing. Ang ilan ay kakulangan sa ayuda na naibibigay ng pamahalaan, usapin ng trabaho at demolisyon sa gitna ng pandemya. Upang epektibo nilang matugunan ang kanilang mga pangangailangan, nagbigay-daan ang ganitong sitwasyon upang mabuo ang samahan ng magkakapitbahay sa Pook Malinis. Nabuo ang Nagkakaisang Residente ng Pook Malinis (NAREPOMA) na tumutugon sa kasalukuyang mga hamon sa kanilang komunidad.

Gawaing adbokasiya

Nang tumuntong sa GCQ ang Metro Manila noong Hunyo 01, mayroong mga kumpanya na pinahintulutan makabalik sa kanilang operasyon at maraming tindahan na rin ang nagbukas. Nakapagbiyahe ang ilang ruta ng bus at *jeep* sa Metro Manila ngunit hindi kasama sa napahintulutan ang mga ruta ng *jeep* sa UP.

Nakipagdayalogo ang mga tsuper, manininda, at komunidad upang igiit ang kanilang mga karapatan at kahilingan sa ilang opisyal ng Unibersidad noong Setyembre 18. Tatlong mahalagang kahilingan ang kanilang pinaabot:

1. Hayaang makapasada na ang mga *jeep* sa UP para magkaroon na ng kabuhayan;
2. Hayaang makapagtinda na ang SMUPC sa mga mapipiling lugar na maaaring makapagtinda sa loob ng UP Campus; at
3. Walang demolisyon habang may pandemya.

Ang mga ito ay pinakinggan ng opsiyales ng UP at kasalukuyang nagpoproseso ng mga kongkretong tugon sa mga samahan. Habang sinusulat ang artikulo na ito, nakapaglabas na ng memo ang UP Diliman sa muling pagpasada ng mga *jeep* sa UP simula Oktubre 31.

Sa bahagi ng manininda, kasalukuyan nilang tinutukoy ang mga puwesto para sila makapaninda at ito ay ihahain din nila sa mga opisyal ng Unibersidad.

Mga aral mula sa karanasan kaugnay sa disiplina ng Pagpapaunlad ng Pamayanan at ng DRRM

Habang nasa panahon ng ECQ ang buong Metro Manila, nalimitahan nito ang galaw ng mga samahan na nais mag-abot ng tulong dahil mahigpit ang pagpapatupad ng *quarantine* sa mga barangay at hindi nagpapapasok ng ibang mga tao. Wala din pampublikong sasakyan. Kung kaya natagalan din bago nakarating ang ibang mga samahan sa mga apektadong sektor. Ang mga lokal na pamahalaan ang gumampan sa pamamagitan ng pamamahagi ng *relief packs*. Ngunit hindi ito sumasapat sa haba ng panahon na walang hanapbuhay ang mga tao.

Sa unang yugto ng COVID-19 na hindi pa nagbibigay ng pinansiyal na ayuda ang pamahalaan, malaking ambag ang tulong mula sa mga kasapi ng samahan dahil pareho ang kanilang naranasan ng kawalan ng hanapbuhay. Hindi lamang sila umasa mula sa ayuda ng pamahalaan; mahabang panahon din na umasa sila sa isa't isa. Naging prayoridad nila ang magkaroon ng makakain, lalo para sa mga pamilyang may mga

maliit na anak. Nakahanap sila ng ibang mapagkikitaan. Dumating ang iba pang samahan upang mag-abot ng tulong noong lumuwag na ang *quarantine* noong Mayo.

Nakikita mula sa karanasan na ito ang mga salik na nabanggit sa mga kaugnay na pag-aaral—ang pagkilos ng samahan at ang suporta mula sa iba’t ibang mga organisasyon. Ngunit may mga kaibahan pa din ang mga kuwento ng pagtugon sa COVID-19 na mapupulutan ng aral para sa gawain ng pagpapaunlad ng pamayanan at sa usapin ng DRRM. Ano ang nakikitang kaibahan nito sa iba pang mga kuwento ng pagtugon ng mga pamayanan sa panahon ng kalamidad?

Pangmatagalang kalamidad

Ang kalamidad na tumama sa Pilipinas at sa buong mundo ay kakaiba. Hindi tulad ng dati, kapag may parating na bagyo, alam na ng karamihan kung paano ito paghahandaan. Alam ng karamihan na ito ay magdudulot ng sama ng panahon sa maikling oras lamang; at kinabukasan ay muling mag-aayos ng bahay at kagamitan at hindi kalaunan ay babalik na muli sa dating takbo ng buhay. Ngunit hindi nakapaghanda para sa COVID-19. Hanggang sa ngayon, walang nakakaalam kung hanggang kailan matatapos ang pandemya, kailan babalik sa normal o sa sinasabing “bagong normal.”

Nakita na napakahalaga ng pag-aaral dahil kapag natututunan ng mga sektor at mga pamayanan ang katangian ng kalamidad, sila ay gumagawa ng mga pamamaraan upang mapanatiling ligtas ang kanilang sarili at ang pamilya. Ang ginawang paghahanda ay batay sa kanilang natutunan mula sa mga pag-aaral kung paano makaiwas sa COVID-19. Nagbago din ang kanilang gawi—naging bahagi na ng kanilang regular na ugali ang pagsuot ng *face mask*, paghuhugas ng kamay, at pananatili ng distansya sa isa’t isa.

Pag-angkop ng mga samahan sa pagtulong

Ang mga samahan na kasapi ng UPD CRV ay mula sa mga iba’t ibang sektor na nagsusulong ng kanilang kagalingan at nakikipag-alyansa din sa ibang mga sektor sa UP Diliman. Kapag may kalamidad, ang iba sa kanila ay tumutugon sa ilang mga *relief operations*. Ngunit hindi sila mga *humanitarian organizations* na may kasanayan para tumugon sa

mga kalamidad sa pang-matagalang panahon. Kung kaya kinailangan din nilang sumailalim sa ilang mga pag-aaral upang maayos ang *framework* ng pagkilos, dahil alam nilang pang-matagalan ito.

Malaking ambag naman ang nakagawiang pagkilos ng isang samahan o alyansa. Nariyan ang pagbuo ng pangkalahatang pagtingin o *framework* sa papasukang gampanin, pagbuo ng mga komite upang mapadaloy ang mga iba't ibang gawain, ang pagbibigay ng pag-aaral upang higit na maintindihan ng mga tao ang sitwasyon at ang mga kinakailangang pang-indibidwal at pang-samahang pagkilos, at ang pakikipag-alyansa sa ibang mga samahan para sa iisang layunin.

Habang wala pa ang UPD CRV, malaking tulong din ang ginampanan ng SMUPC, asosasyon ng mga tsuper, at samahang magkakapitbahay sa PoMa.

Panibagong kasanayan, panibagong hanapbuhay

Dahil sa mahabang panahon na walang hanapbuhay, nagdulot ito ng mas matinding kahirapan at kagutuman. Ayon sa Social Weather Station (Lalu, 2020), halos dumoble ang bilang ng mga Pilipino na nakaranas ng *involuntary hunger* kung ikukumpara sa datos noong Disyembre 2019 (16.7% sa Mayo 2020 at 8.8% sa Disyembre 2019). Ayaw ng mga tao umasa na lamang sa ayuda mula sa pamahalaan at ibang mga grupo. Nais nilang bumalik sa paghahanapbuhay at kumita para sa pamilya. Natuto ang mga tao ng panibagong mga pamamaraan upang kumita, naging malikhain, at ginamit ang teknolohiya para sa kanilang hanapbuhay tulad ng mga nabanggit na pagpasok sa larangan ng *online selling*, *pag-deliver* sa pamamagitan ng Lalamove, at iba pa.

Gamit ng teknolohiya

Hindi lamang sa mga bagong pamamaraan ng paghanapbuhay nakatulong ang teknolohiya para sa mga manininda. Naging malaking ambag din ito sa pamamaraan ng pagpupulong at pagpapalano na hindi nakagawian dati. Habang mahigpit pa ang *quarantine*, isang paraan para magpatuloy ng komunikasyon ay ang mga *video conferencing apps* at kahit lumuwag na ang *quarantine*, malawak pa rin ang gamit nito.

Pagtindi ng bulnerabilidad ng mga pamilya

Higit na lumitaw sa panahon ng pandemya ang mga tumitinding bulnerabilidad ng maraming mahihirap na sektor sa lipunan—ang kahirapan dulot na mababang pasuweldo, ang kawalan ng kasiguruhan sa hanapbuhay, ang kawalan ng ipon. Kung pagbabatayan ang ulat ng NDRRMC noong katapusan ng Hunyo 2020, mga 17.5M na mahihirap na pamilya ang nakatanggap ng Social Amelioration Program (SAP) (National Task Force, 2020). Ito ay halos 86% ng kabuuang bilang ng pamilya sa Pilipinas (Statista, 2020). Ganito karami ang bulnerable sa populasyon. Bulnerable na sila bago pa dumating ang COVID-19, higit pa itong tumindi dahil sa dagok ng pandemya.

Pagsusuma

Muling pinakita mula sa mga karanasan ng mga manininda, drayber, at mga taga PoMa ang kanilang katatagan sa panahon ng trahedyang at krisis, tulad ng dinulot ng pandemyang COVID-19. Mula sa mga karanasan na ito, ilang mahahalagang aral ang mapupulot para sa disiplina ng Pagpapaunlad ng Pamayanan at sa DRRM.


Una na dito ang kahalagahan na masuma ang mga buhay na karanasan upang maidagdag sa mga modyul sa pag-aaral ng DRRM, partikular sa aspeto ng paghahanda at pagbangon. Ikalawa, ang paghahanda ng mga samahan upang tumugon sa mga pananalasa ng mga kalamidad, hindi lamang mga *humanitarian organizations*, kung hindi kasama din ang mga samahan sa pamayanan at samahan ng mga sektor, upang hindi manatiling benepisyaryo kundi aktibong boses para sa pagpapaabot ng mga hinaing at pangangailangan. Ikatlo, mahusay na pag-aralan kung paano higit na mamaksima ang gamit ng teknolohiya sa gawaing pagpapaunlad ng pamayanan. At ikaapat, mapagnilayan ang mga stratehiya upang matugunan ang mga bulnerabilidad ng malawak na populasyon ng bansa.

*Nagpapasalamat ang mga awtor sa mga tsuper, manininda, mga taga-Pook Malinis, at mga kasapi ng UPD CRV sa pagbuo ng artikulo na ito.

Mga Larawan ng UPD COVID-19 Response Volunteers (UPD CRV)



Larawan 1.
Pagbubuhat ng mga bigas patungo sa komunidad



Larawan 2. Katuwang ang mga tsuper sa pagbabalot ng gulay



Larawan 3. Advocacy work: Pulong ng mga tsuper, manininda, at mga taga-Pook Malinis sa opisina ng OCR



Larawan 4. Pag-aaral ng komunidad Pook Malinis



Larawan 5 at 6. Mobile-kumustahan sa komunidad ng UP

Mga Sanggunian

- Abis, K. (2016). *In the spirit of bayanihan: Disaster recovery from Typhoon Yolanda in Eastern Visayas* [Unpublished master's thesis]. York University.
- Barrameda, T., & Barrameda, A. (2011). Rebuilding communities and lives: The role of damayan and bayanihan in disaster resiliency. *Philippine Journal of Social Development*, 3, 132–151.
- Bawagan, A. B., Polotan-dela Cruz, L., Felizco, M. R. S., Tan, M. C. J., Wamil, M., & Germar, J. S. (2015). *Shifting paradigms: Strengthening institutions for community-based disaster risk reduction and management*. Quezon City, Philippines: College of Social Work and Community Development, University of the Philippines Diliman.
- Bisenio, X. L. (2020, July 28). *SAP exaggerated, millions left behind*. Retrieved from [https:// www.ibon.org/ sap-exaggerated-millions-left-behind/](https://www.ibon.org/sap-exaggerated-millions-left-behind/)
- Care International UK Shelter Team. (2016). *Stories of recovery CARE Philippines post Haiyan/Yolanda shelter response*. Retrieved from https://www.unisdr.org/files/globalplatform/5922d64d677f7CARE_Stories-of-recovery__Post-Haiyan-Yolanda-shelter-report_2016.pdf
- Center for Excellence in Disaster Management & Humanitarian Assistance. (2018). *Philippines: Disaster management reference handbook*. Retrieved from https://reliefweb.int/sites/reliefweb.int/files/resources/Philippines_2018-0318.pdf
- Chavez, C. (2020, August 27). *DSWD distributes P81-B of SAP 2 aid to 13.5-M beneficiaries*. Retrieved from [https:// mb.com.ph/2020/08/27/dswd-distributes-p81-b-of-sap-2-aid-to-13-5-m-beneficiaries/](https://mb.com.ph/2020/08/27/dswd-distributes-p81-b-of-sap-2-aid-to-13-5-m-beneficiaries/)
- DOH. (2020, October 28). Retrieved from <https://www.doh.gov.ph/covid19tracker>
- ESRC-DFID Research Impact. (2018). *Engaging communities in rebuilding post-typhoon Yolanda in the Philippines*. Retrieved from [https:// opendocs.ids.ac.uk/ opendocs/ bitstream/handle/20.500.12413/13828/ResearchImpact_Philippines_1.21.pdf? sequence=1&isAllowed=y](https://opendocs.ids.ac.uk/opendocs/bitstream/handle/20.500.12413/13828/ResearchImpact_Philippines_1.21.pdf?sequence=1&isAllowed=y)
- Gotinga, J. C. (2020, August 20). *Senate ratifies Bayanihan 2 bill with P165.6 billion for pandemic response*. Retrieved from <https://www.rappler.com/nation/senate-ratifies-bayanihan-2-bill-billions-fund-pandemic-response>
- GOVPH. (2020a, March 24). *RA 11469*. Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/2020/03/24/republic-act-no-11469/>

- GOVPH. (2020b, September 11). *RA 11494*. Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/2020/09/11/republic-act-no-11494/>
- IATF. (2020, July 16). *IATF-RESO-56*. Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2020/07jul/20200716-IATF-RESOLUTION-NO-56.pdf>
- Jarus, O. (2020, March 20). *20 of the worst epidemics and pandemics in history*. Retrieved from <https://www.livescience.com/worst-epidemics-and-pandemics-in-history.html>
- Lalu, G. (2020, May). *Number of hungry Filipinos almost doubles as pandemic rages — SWS*. Retrieved from <https://newsinfo.inquirer.net/1279086/number-of-hungry-filipinos-almost-doubles-covid-19-pandemic-rages-sws>
- Luna, E. (2011). Community Development approach in the recovery of selected communities affected by Typhoon Ondoy flood. *Philippine Journal of Social Development*, 3, 86–108.
- MPHOnline. (n.d.). *Outbreak: Ten of the worst pandemics in history*. Retrieved from <https://www.mphonline.org/worst-pandemics-in-history/>
- National Task Force. (2020, June 30). *Coronavirus disease-2019 significant activities as of 30 June 2020*. Retrieved from http://ndrrmc.gov.ph/attachments/article/4036/Update_SitRep_No_91_NTF_COVID_19_as_of_30JUN2020_12NN.pdf
- NEDA. (2020a, September 3). *PH unemployment rate eases in July from April 2020*. Retrieved from <https://www.neda.gov.ph/ph-unemployment-rate-eases-in-july-from-april-2020/>
- NEDA. (2020b, September 3). *Statement of NEDA Acting Secretary on the July 2020 Labor Force Survey and implication*. Retrieved from <https://www.neda.gov.ph/28814-2/>
- P&A Grant Thornton. (2020). *Bayanihan to Recover as One Act*. Retrieved from https://www.grantthornton.com.ph/contentassets/b6415487003e40169460178692340953/bayanihan-act-2_final-ver.pdf
- Presidential Communications Operations Office (PCOO). (2020, March 13). *Gov't imposes community quarantine in Metro Manila to contain coronavirus*. Retrieved from https://pcoo.gov.ph/news_releases/govt-imposes-community-quarantine-in-metro-manila-to-contain-coronavirus/
- Quiambao, L. (2015). *Ditak-ditak, bagya-bagya: The recovery of the survivors of Mount Pinatubo eruption of 1991 in Tokwing* [Unpublished master's thesis]. Quezon City, Philippines: College of Social Work and Community Development, University of the Philippines Diliman.

- Raj, V. (2017). *Spirituality as a pillar of disaster resilience: Experiences and images of spirituality among small fisherfolks in Bato, Camarines Sur* [Unpublished master's thesis]. Quezon City, Philippines: College of Social Work and Community Development, University of the Philippines Diliman.
- Ramzy, A., & May, T. (2020, February 2). Philippines reports first coronavirus death outside China. *The New York Times*. Retrieved from <https://www.nytimes.com/2020/02/02/world/asia/philippines-coronavirus-china.html>
- Reliefweb. (2017). *How Typhoon Haiyan survivors are rebuilding their lives and communities with help from Development and Peace*. Retrieved from <https://reliefweb.int/report/philippines/how-typhoon-haiyan-survivors-are-rebuilding-their-lives-and-communities-help>
- Sphere. (2018). *The Sphere handbook: Humanitarian charter and minimum standards in humanitarian response*. Retrieved from <https://handbook.spherestandards.org/en/sphere/#ch001>
- Statista. (2020). *Number of households in the Philippines from 2013 to 2021*. Retrieved from <https://www.statista.com/statistics/728347/number-of-households-the-philippines/>
- Su, Y., & Mangada, L. (2016). *Bayanihan after Typhoon Haiyan: Are we romanticising an indigenous coping strategy?* Retrieved from <https://odihpn.org/blog/bayanihan-after-typhoon-haiyan-are-we-romanticising-an-indigenous-coping-strategy/>
- WHO. (2010). *What is a pandemic?* Retrieved from https://www.who.int/csr/disease/swineflu/frequently_asked_questions/pandemic/en/
- WHO. (2020a, April 24). *Coronavirus disease 2019 (COVID-19) Situation Report – 94*. Retrieved from <https://www.who.int/docs/default-source/coronaviruse/situation-reports/20200423-sitrep-94-covid-19.pdf>
- WHO. (2020b, October 28). *Numbers at a glance*. Retrieved from https://www.who.int/emergencies/diseases/novel-coronavirus-2019?gclid=Cj0KCQjwreT8BRDTARIsAJLI0KJsTwsM-0KGD_r1_RhmUolJYEsmKBV_OTPIR4eDhMExF_W7SbaCUPYUaAmAkeALw_wcB

Si Dr. Aleli B. Bawagan ay Propesor sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan sa Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan (CSWCD). Nagtuturo din siya sa Doctor of Social Development Program ng naturang kolehiyo. Sa kasalukuyan, siya ay Bise-Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad.

abbawagan@up.edu.ph

Si Rose Angelie Hernandez ay isang University Extension Associate II mula sa Research and Extension for Development Office ng CSWCD. Lecturer din siya sa Department of Art Studies, College of Arts and Letters. Siya ang Coordinator ng UP Diliman COVID-19 Response Volunteers na nagwagi ng Gawad Tsanselor para sa Natatanging Lingkod Komunidad 2021. Siya ay miyembro ng Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy.

rmhernandez1@up.edu.ph

Si Celeste F. Vallejos ay isang University Extension Specialist mula sa Research and Extension for Development Office ng CSWCD. Sa kasalukuyan, siya ang Vice President for REPS ng All UP Academic Employees Union Diliman Chapter.

cfvallejos@up.edu.ph

How to cite this article in APA 7

Bawagan, A. B., Hernandez, R. A. M., & Vallejos, C. F. (2021). Sa gitna ng pandemya na COVID-19: Pagtugon ng mga manininda, tsuper, at mamamayan ng Pook Malinis sa UP Diliman. *Philippine Journal of Social Development*, 14, 30–58.